

# 1

Tumigil ang coaster bus na sinasakyan ni Diana at ng iba pa niyang kamag-aral sa gitna ng isang liblib na komunidad sa itaas ng isang bundok sa loob ng *Clark Special Economic Zone* sa Pampanga. Mula sa bintana ng sasakyan, natanaw niya na huminto sa kung anumang mga ginagawa nila ang mga taong naninirahan sa komunidad at pinagmasdan ang coaster bus.

“Sir, you mean, dito ang immersion program natin at dito rin tayo magka-camping for ten days para sa NSTP class namin?” tanong ni Diana sa professor nilang katatayo pa lamang sa harapan ng bus upang i-orient ang klase.

“Yes, Miss Sandoval,” sagot ni Prof. Agulto sa kanya pagkatapos ay bumaling ito sa klase. “Class, we will be conducting our immersion and research here in the Aeta community of Sitio Monicayo for your NSTP class.”

Violent reactions kaagad ang iniusal ni Diana at ng kaibigan niyang si Brenda.

“Sir, akala ko po ba mag-e-enjoy kami? You said, magsi-swimming tayo rito. I even brought my swimwear,” may himig pagrereklamo na sabi ni Brenda.

“Tama. Pero nalimutan kong sabihin sa inyo na hindi swimming pool ang uso rito sa Sitio Monicayo kundi ilog at

talon,” may himig pang-aasar naman na tugon ng propesor. Ngumisi pa ito sa dalawang babae.

“What?” sabay na usal ng magkaibigan. Inakala kasi nila na ang tutuluyan nila sa Sitio Monicayo ay isang magandang resort.

Anak-mayaman ang dalawang dalaga. Magkumpare ang kanilang mga ama. May-ari ng ilang resort ang ama ni Diana, samantalang ang ama ni Brenda ay may chain of restaurants. Naging malapit na magkaibigan ang mga ama nila dahil magkaklase noong kolehiyo ang mga ito. Their fathers both took up Business Management, kaya ganoon din ang kursong kinuha nilang magkaibigan. Sa katunayan, ang isang restaurant ng ama ni Brenda ay katabi lamang ng isang resort ng ama ni Diana sa Angeles City.

Dahil restaurant ang business ng ama nito, nagtataka minsan si Diana sa kaibigan kung bakit kahit mahilig itong kumain ay napapanatili pa rin nito ang slim figure. Samantalang siya ay pinapagod pa ang sarili sa kalalangoy sa Olympic-sized swimming pool nila sa bahay upang pumayat lang.

Ngunit ngayon ay napadpad sila sa Sitio Monicayo upang magsagawa ng immersion program at research sa mga Aeta na naninirahan sa sitio; required kasi ito sa subject nilang NSTP o National Service Training Program. Batid niyang mahihirapan silang mamuhay rito ni Brenda dahil malayo sila sa karangyaan na nakasanayan nila.

Lahat silang magkakaklase ay estudyante sa *UP Clark* ng kursong Business Management. Sinabi na sa kanila ni Prof. Agulto isang araw bago sila mag-immersion na ni-require ng direktor ng kanilang universidad ang lahat ng mga estudyante na magsagawa ng immersion program sa mga Aeta communities dahil advocate ang direktor sa pagsulong ng kahalagahan ng mga indigenous people o mga katutubo sa bansa. At dahil malapit lang sa kanila ang Sitio Monicayo na isang Aeta community, ito na ang in-assign sa kanila ni Prof. Agulto na kanilang NSTP professor.

Banas na banas sina Diana at Brenda habang pababa na sila sa hagdanan ng coaster bus. Nang makababa sila ng sasakyan, nakakapasong April summer heat kaagad ang sumalubong sa kanila.

“OMG! So init naman here!” reklamo ni Brenda.

“Hay, nagsisimula nang magreklamo ang mga laking air-con,” pang-aasar ng pandak nilang kaklase na si Mico.

“At least kami lumaki... hindi tulad mo!” banat ni Diana sa lalaki.

Isang evil laugh ang narinig mula kay Brenda; namula naman sa kahihyan si Mico.

Nang lahat silang magkakaklase ay nakababa na ng coaster bus, naglakad sila patungo sa Aeta tribal office kung saan may basketball court sa tapat niyon. Napansin nilang

may mga nakasabit na banderitas sa court, kaya tingin nila ay may magaganap na kapistahan sa lugar. Dumaan silang lahat sa basketball court kung saan may apat na binatang Aeta na naglalaro. Nakahubad ang dalawa sa mga ito.

Natigil sa paglalaro ang isa sa mga binata at napatingin sa mga estudyanteng paparating, dahilan para hindi nito nakitang pinasahan pala ito ng bola ng kakampi. Tumama sa ulo nito ang bola at ito ay tumumba. Napatingin din ang tatlo pang lalaki sa bagong dating na grupo at napanganga.

“Oy, Pare, ’andaming chicks!” bulalas ng isa sa mga binatang Aeta.

Napasipol naman ng isa.

“Ang ganda n’ung naka-white!” sigaw naman ng isa pa.

Nagkatinginan naman si Diana at ang iba pa niyang kaklaseng babae para hanapin kung sino ang naka-white sa kanila. Natawa sila nang matantong lahat pala sila ay nakasuot ng puting t-shirt na siyang uniform nila sa NSTP.

*In fairness naman sa sense of humor ng mga ito! nasaisip niya.*

“Tol, ang puti n’ung isa, oh! Mestiza!” manghang wika ng lalaking natamaan ng bola kanina. Nakaupo pa rin ito sa sahig dahil sa pagkakatumba.

Pinagtinginan naman si Diana ng mga kaklase niya. Alam kasi ng mga ito na siya ang pinatutungkulan ng Aeta. Siya lang

kasi ang mestiza sa kanila.

Maputi si Diana. May pagkakulot ang buhok niyang itim na may kaunting brown. Sumali at nanalo siyang first runner-up sa *Miss UP Clark* pageant noong isang taon. Kung tutuusin ay siya dapat ang makoronahan ng titulo, pero sadyang gumamit ng pera ang itinanghal na nanalo upang makamit ang korona. Mayaman din naman ang pamilya ni Diana, ngunit hindi siya ganoon karumi kung lumaban. At hindi na niya pinalaki ang issue na iyon. Ang motto niya kasi, she was beautiful in her own right. Hitsura lang ng kalaban niyang iyon.

“Mga walang modo,” inis na usal niya.

Tumigil sila sa labas ng tribal office. Sinalubong sila ng isang matandang lalaki na pandak, dark brown ang balat, at kulot-kulot at puti ang buhok.

“Welcome nga pala sa inyo, Business Management students ng *UP Clark*. Ikinatutuwa kong napili n’yo ang aming sitio upang magsagawa ng immersion at pag-aaral tungkol sa aming mga Aeta,” buong kagalakang sabi nito na nakalahad pa ang mga kamay na parang gustong yakapin ang mga estudyante sa sobrang katuwaan.

“Napili ka riyan! Napilitan lang kami, duh!” bulong naman ni Brenda kay Diana.

“Ako nga pala si Roberto Sevilla, ang tribal chieftain ng *Pamayanang Aeta Mag-antsi* rito sa Sitio Monicayo,” pagpapakilala

nito. “O, buti naman at nagsidating na rin kayo rito,” wika ulit ng tribal chieftain, sabay baling ng tingin nito sa bandang likuran ng mga estudyante.

Napatingin si Diana at ang mga kamag-aral niya sa likuran nila. Naglalakad sa basketball court papunta sa kanila ang humigit-kumulang na isandaang mga Aeta: mga bata at matatanda. Maliliit lamang ang karamihan sa mga Aeta. Ang mga batang Aeta ay nasa dalawang talampakan ang tangkad at ang matatanda naman ay hindi tataas ng limang talampakan. Tulad ng tribal chieftain, dark brown din ang balat ng mga ito, kulot ang buhok, at bilugan ang mga mata. Halos lahat ng mga Aeta ay nakasuot ng t-shirt, maong shorts sa mga lalaki at palda sa mga babae, at tsinelas.

Huminto sa paglalakad ang mga Aeta nang marating ang tribal office. Tumigil ang mga ito sa bandang likuran ng mga estudyante, ngunit isang babaeng Aeta ang lumapit sa tribal chieftain. May hawak itong papel.

“Pinuno? Sila na po ba ang mga batang patutuluyin sa mga bahay namin sa loob ng sampung araw?” tanong nito. Nasa apatnapu ang edad nito at may pagka-chubby.

“Oo, Ruby,” tugon ni Roberto pagkatapos ay bumaling ito sa kanila. “Siyanga pala, mga bata, ito si Ruby Queddeng, ang secretary ng tribo namin.”

Masiglang ngumiti si Aling Ruby sa mga estudyante.

Nagbulungan naman ang mga Aeta na nasa likuran ng grupo ni Diana.

“Makikitira sa atin itong mga batang unat na ito?” bulong ng isang babaeng Aeta sa katabi nitong lalaki. Kahit na bulong, narinig ito ni Diana.

“Oo raw. Kasasabi lang ni Pinuno, eh,” sagot naman ng kausap nito.

“Naku, sana naman malaki ’yung bahay ng Aeta na matuluyan ko... sana may cable ang TV nila... ’tapos malawak ang CR... may bathtub kahit paano...” sabi ni Diana.

“Ano’ng akala mo naman sa bahay ng mga Aeta? Hotel?” hirit ni Brenda.

“Okay, class, makikitira kayo sa mga Aeta ng Sitio Monicayo sa loob ng sampung araw. Sa pagtira ninyo sa kanila, you can ask them their traditions, their beliefs, o maski you share your talambuhays with each other. Magkuwentuhan kayo if you want. Basta, makipag-bonding kayo sa Aeta family na titirhan n’yo. Ite-text ko kayo in case we need to see each other,” paliwanag sa kanila ni Prof. Agulto.

Ang tribal secretary na si Aling Ruby ang nagsaayos ng listahan ng mga pamilyang Aeta na titirhan ng bawat estudyante. Nasa papel na hawak nito ang listahan ng mga pangalan ng mga estudyante at ng pamilyang Aeta na titirhan nila. Tinawag na ang iba nilang kaklase at sumama na sa pamilyang Aeta na tatayong

foster family ng mga ito. May mga kaklase sila na excited tawagin at mayroon ding mga kinakabahan.

“Raymond Reyes? Sa Domingo family ka tutuloy,” tawag ni Aling Ruby habang binabasa ang listahan na hawak nito.

Kinawayan ng Domingo family ang kaklase ni Diana na si Raymond. Kinakabahang lumapit ang huli sa nasabing pamilya. May anim na anak ang mag-asawang Domingo; ang apat sa mga iyon ay pawang mga musmos pa na nasa pito pababa ang mga edad.

Magiliw namang tinatanggap ng bawat pamilyang Aeta kapag lumalapit sa kanila ang estudyanteng natoka na patutuluyin nila.

Medyo ilang pa si Brenda nang matawag na ang pangalan nito at umalis na kasama ang pamilyang Aeta na kukupkop dito. Habang tumatagal, pakaunti nang pakaunti ang mga estudyante. Nairita na si Diana dahil naiinitan na siya at di pa siya natatawag.

*My God! Baka mangitim na akong tulad ng mga Aeta na 'to! Natutusta na ako rito! usal niya sa sarili.*

Natawag si Mico at napunta ito sa pamilya ng tribal chieftain. Kita sa ekspresyon nito na kinakabahan ito dahil napunta ito sa ‘first family’ ng tribong Aeta.

*Hay naku! Sana ako na lang ang napunta sa chieftain. Baka sakaling ipaglitson niya pa ako nang bonggang-bongga! Chieftain, eh!*



nasaisip ni Diana.

Napansin niyang lumalapit papunta sa kanya si Aling Ruby.

“Hija, ikaw ba si Diana Sandoval?” tanong nito nang makalapit ito sa kanya.

“O-opo,” nag-aalangan pa niyang sagot.

“Sa akin ka mapupunta,” nakangiting saad nito. Idinampi pa nito ang kanang kamay nito sa kanang balikat niya.

Lihim na natuwa si Diana. At least, pamilya ng tribal secretary ang kukupkop sa kanya. *Not bad.*

---

Nakarating na sila sa bahay ni Aling Ruby. Maliit lamang iyon at yari sa pinagtagpi-tagping plywood, nipa, kawayan, at kaunting hollow blocks. Hindi ma-imagine ni Diana kung paano siya makakatagal sa bahay na ito sa loob ng sampung araw.

“Hija, pagpasensyahan mo na itong bahay namin at maliit lamang ito,” nahihiyang sabi ng nakatatandang babae pagpasok nila sa loob.

Hindi na lang umimik ang dalaga. Ayaw niyang magpaka-plastic at sabihing ‘Okay lang po iyon’ dahil hindi ayos sa kanya ang bahay. Ayaw niya rin namang ipakita ang pagkadisgusto niya sa tahanan at masaktan ang feelings ni Aling Ruby. Minabuti na lamang niyang manahimik.

“Upo ka muna,” anito.

Umupo naman siya sa maliit at medyo sira nang sofa.

“Gusto mo ba ng maiinom, hija? Ng makakain? Sige, ikukuha lang kita,” tanong ni Aling Ruby sa tonong balisa, pero pinipilit na maging masigla. Batid siguro nito ang kanyang pagkadisgusto sa tahanan nito.

Hindi pa man nakakasagot si Diana ay umalis kaagad ang kausap at nagtungo sa palagay niya ay ang kusina ng bahay. May harang na dingding na yari sa plywood sa pagitan ng sala at ng kusina.

Walang telebisyon ang bahay, kaya dahil sa walang pagkaabalahan ay kumuha siya ng photo album sa ilalim ng center table ng sala at tiningnan iyon. Pagkabukas niya ng photo album ay siya namang pagdating ni Aling Ruby dala ang isang baso ng kalamansi juice at tatlong tinapay na nakalagay sa isang plato. Inilapag nito ang mga iyon at tinabihan siya.

“Dati akong nurse sa *Clark General Hospital*, almost nineteen years ago,” kuwento ng tribal secretary nang makita ang larawang tinitingnan ni Diana kung saan ito ay nakapang-nurse na uniporme.

Inilipat niya ang pahina ng photo album at ang larawan naman ng pamilya ni Aling Ruby ang nandoon. May dalawang anak na batang lalaki ito ayon sa ipinapakita ng larawan. Medyo may katagalan na ang hitsura ng litrato.

Tinuro nito sa larawan ang sa tingin niya ay mas matanda sa dalawang anak nito. “Ito ang panganay ko, si MJ. Bata pa siya r’yan sa picture pero nineteen na siya ngayon.”

“Kaedad ko po pala ang panganay n’yo.”

“Baka magkasundo pala kayo ni MJ ko kung gan’un. Ito naman si Otep, ang bunso ko,” turo nito sa nakababatang anak sa larawan.

“Nasaan po sila ngayon?” usisa ni Diana. “Pati po ’yung asawa n’yo, di ko po nakikita.”

“Nasa ibaba ng bundok si Otep, nagbebenta ng mga flute sa mga turista. Si MJ naman pinag-igib ko ng tubig. Parating na rin siya mayamaya lang,” sagot ni Aling Ruby.

“Yung asawa n’yo po?”

“Patay na siya, hija,” mahinang usal ni Aling Ruby.

Natigilan si Diana bago nakapagsalitang muli. “I’m sorry po.” Ayaw na niyang unghatin pa kung ano ang ikinamatay ng asawa nito dahil sa tingin niya ay masyado na iyong personal para tanungin pa. At hindi pa sila close ng tribal secretary.

“Walang anuman, Diana. Sige na, kain ka na muna. Alam kong nagutom ka sa biyahe ninyo.”

Kumagat si Diana ng tinapay at uminom ng kalamansi juice.

“Aling Ruby, ang sarap po ng timpla n’yo sa kalamansi

juice,” puri niya.

“Buti naman at nagustuhan mo. Bagong pitas ko lang ng kalamansi sa likod-bahay namin,” anito na nakangiti.

Pagkatapos ay kumagat ulit siya ng tinapay. Ngunit muntik na siyang mabulunan dala ng gulat dahil sa tumambad sa kanya sa pintuan.

Isang lalaking hubad ang itaas na bahagi ng katawan at may dalang dalawang balde ng tubig ang nakatayo roon.

“O, MJ, anak, nandito ka na pala!” bulalas ni Aling Ruby pagkakita sa lalaki.

Tiningnan ni Diana ang bagong dating: wavy ang buhok nito ngunit hindi masyadong kulot tulad ng sa ibang Aeta. Hindi rin masyadong maitim ang balat nito; moreno ito at may katangkaran nang kaunti. Malaki ang katawan ng lalaki at halatang banat na banat sa pagtatrabaho. Ngayon ay mamasa-masa ang hubad na katawan nito dahil galing ito sa pag-igib ng tubig.

“Oo nga pala, Diana, ito ang anak kong si MJ. MJ, ito nga pala si Diana, estudyante siya na makikituloy sa atin ng sampung araw,” pagpapakilala ni Aling Ruby sa dalawa.

Nang mga oras na iyon, hindi pa rin maka-get over si Diana sa pagkagulat niya nang makita ang hubad-baro na si MJ. Kaya nang balingan siya ng tingin nina Aling Ruby at MJ ay huli na

para maitago niya pa sa kanyang mga mata ang pagkagulat.

“Ay naku! Ikaw naman kasi, MJ, magbihis ka nga muna pagkalagay mo niyan ng tubig natin sa batalan. Nagulat tuloy ’yung bisita sa ’yo,” natatawang wika ni Aling Ruby.

“Sorry po, Inay,” nahihiya ring sagot ng binata at dali-dali itong nagtungo sa likod-bahay.

“Pasensya ka na kay MJ ko. Galing sa pag-igib ng tubig kaya ganu’n ang hitsura.”

“Okay lang po,” ang tanging nasambit ni Diana. Hanggang ngayon ay di pa rin nawaglit sa isip niya ang hitsura ni MJ. And this time, may halong pagkamangha na ang nadama niya. Malaki at maganda ang hubog ng katawan ng lalaki na para bang kawangis ng mga katawan ng mga Greek gods sa mythology. Sa sandaling pagkakatitig niya rito ay napansin niya ang ganda ng mga mata ni MJ. Nangungusap ang mga ito. Guwapo rin ang lalaki. Palagay ni Diana ay puwede itong pumasang artista.

---

“O, Diana, kain ka lang nang kain, ah. ’Wag kang magpapagutom. Balita ko marami raw kayong gagawin bukas para sa NSTP n’yo. Pakabusog ka na ngayong gabi,” masiglang wika ni Aling Ruby nang nasa hapag na sila para maghapunan.

Hindi naman alam ni Diana ang mga pagkaing inihain nito. “Aling Ruby, ano pong pagkain ito?” usisa niya, sabay turo sa

ulam nilang nakalagay sa isang malaking mangkok.

“Ah, malamang ngayon ka pa lang makakatikim niyan. Adobong paniki ’yan. Hinuli pa ni MJ ’yan para may makain tayo,” nakangiting tugon nito. “Tikman mo, hija. Masarap ’yan,” dagdag pa nito.

“Oo nga, Ate, tikman mo na,” sabad naman ni Otep na kararating lang mula sa pagtitinda ng mga flutes.

Nandiri si Diana sa nalaman. Hindi siya sanay sa mga ganitong klase ng pagkain. Hindi niya ma-take na kakain siya ng isang paniki. Pinagtitinginan na siya nina Aling Ruby, MJ, at Otep. Sa kanilang apat kasi, siya na lang ang di pa kumukuha ng serving niya ng adobong paniki.

“Ah... eh... Aling Ruby, busog pa po ako,” aniya. “Labas lang po ako... magpapahangin lang po,” dahilan niya bago tumayo sa hapag at naglakad palabas ng bahay.

---

Napadpad si Diana sa basketball court kung saan nakita niyang nagba-basketball ang ilang lalaking Aeta na nakikipaglaro sa mga lalaki niyang kaklase. Nakita niya rin na ang ilan sa mga babae niyang kaklase na nakaupo sa bleachers at nanonood sa laban. Isa sa mga babae ay si Brenda. Kagyat niya itong nilapitan.

“Brenda, I can’t stand to stay in this bucolic place anymore!” bulalas kaagad niya nang makausap ang kaibigan

habang nanonood sila ng basketball.

“Me, either,” pagsang-ayon nito. “I’m not comfortable here. I miss the comforts of my home,” dagdag pa nito.

“Ako naman, biruin mong pakainin nila ako ng adobong paniki? Eww!” nandidiring kuwento niya.

“Kinain mo? Anong lasa?”

“Of course not! Nagdahilan na lang akong busog ako at lumabas na. Brenda, if this continues, I can’t stand it na! I want to go home!” sigaw niya.

“Eh, di umuwi ka! Hindi ka naman namin pipigilan!” sigaw ng isang lalaki sa likuran nila, kaya gulat na napalingon sina Diana at Brenda.

Laking gulat niya nang makita si MJ.

“Ganyan naman kayong mga unat. Akala n’yo ang taas-taas ninyo sa amin na kayan-kayanin n’yo lang,” galit na sikmat nito, sabay lakad palayo.

Lahat ng mga taong malapit sa kanila ay nakamasid na. Hiyang-hiya si Diana at parang gusto niyang lamunin na siya ng lupa nang mga oras na iyon.

“Brenda, I need to go,” paalam niya at nagmadali na rin siyang naglakad palayo ng court.